Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-16 NG AGOSTO, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 146-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAGBATI AT MARINGAL NA PAGKILALA ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD – INH. GILBERT T. GATCHALIAN AT NG BUMUBUO NG SANGGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NI KGG. NOEL G. PINEDA KAY KGG. MIEL ARTHEM B. AGUSTIN MULA SA BARANGAY LONGOS SA KANIYANG PAGKAKAHIRANG BILANG NATATANGING SANGGUNIANG KABATAAN NG BULACAN 2021 – YOUTH INITIATIVE CATEGORY SA GINANAP NA BULACAN YOUTH SUMMIT 2021 NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN**

**Akda ng: Bumubuo ng Sangguniang Panlungsod**
**Sa pagtataguyod ni: KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** nakasaad sa Artikulo 2, Seksyon 13 ng Saligang Batas ng Republika ng Pilipinas na kinikilala ng estado ang napakahalagang tungkulin ng mga kabataan sa pagbuo ng bansa, gayun din ay dapat na itaguyod at pangalagaan ang kanilang kagalingang pisikal, moral, ispirituwal, intelektuwal, at sosyal;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay nagpapakita at nagpapahayag ng mataas na pagkilala sa kakayahan ng mga kabataan pati na rin sa kanilang abilidad na makapagdulot ng pag-unlad sa komunidad at sa bansa;

Dagdag dito, naniniwala rin ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos na ang mga kabataan ay may kakayahang kumilos bilang mga tagapagpasimula ng positibong pagbabago sa lipunan na magbubunga ng kabutihan sa ekonomiya na siyang pakikinabangan ng kasalukuyan at ng mga henerasyon pang darating;

**SAPAGKAT,** noong ika-12 ng Agosto, 2021 ay ginanap ang Araw ng Parangal ng Bulacan Youth ELITE bilang bahagi ng programang Bulacan Youth Summit 2021 kung saan binigyang karangalan ni Kgg. MIEL ARTHEM B. AGUSTIN ang Lungsod ng Malolos nang siya ay hinirang bilang Natatanging Sangguniang Kabataan ng Bulacan 2021 sa ilalim ng kategoryang Youth Initiative;

**SAPAGKAT,** ang Bulacan Youth ELITE ay programang bahagi ng Bulacan Youth Summit 2021 para sa pagdiriwang ng Linggo ng Kabataan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Tanggapan ng Kabataan, Isports at Public Employment Services Office na naglalayong makapagbigay parangal sa mga Kabataang Bulakeño na nagsagawa ng mga makabuluhang programa at nagpakita ng angking galing sa pagseserbisyong publiko;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** si Kgg. MIEL ARTHEM B. AGUSTIN, kasalukuyang Tagapangulo ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Longos, ay magsisilbing inspirasyon ng mga kabataang Maloleño na magsikap at makapagbigay karangalan sa bayan;

**SAPAGKAT,** marapat lamang na bigyan ng kaukulang pagkilala ang masikap na si Kgg. MIEL ARTHEM B. AGUSTIN dahil ang karangalan na kaniyang natamo ay karangalan din ng dakilang Lungsod ng Malolos at ng mga mamamayan nito;

**KUNG KAYA'T IPINASIYA,** gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na nagpapahayag ng taos-pusong pagbati at maringal na pagkilala ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod – Inh. Gilbert T. Gatchalian at ng bumubuo ng Sanggguniang Panlungsod sa pangunguna ni Kgg. Noel G. Pineda kay Kgg. Miel Arthem B. Agustin mula sa Barangay Longos sa kaniyang pagkakahirang bilang Natatanging Sangguniang Kabataan ng Bulacan 2021 – Youth Initiative Category sa ginanap na Bulacan Youth Summit 2021 ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan.

**IPINASIYA PA RIN,** na mabigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kaalaman at suporta.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

****KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI – ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI – SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo

*hindi nakadalo
*wala sa panahon na pinagtibay ang Kapasiyahang Panlungsod
DhorieTrogo(SDC2)*08172021